ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

UNLOCKING FILIPINO GRAMMAR MASTERY (GRADUAL EXPOSURE THROUGH STRUCTURED ACTIVITIES): PAGPAPAHUSAY NG KAALAMAN SA WASTONG GRAMATIKA NG MGA MAG-AARAL SA IKA-11 NA BAITANG

Jessa Mae V. Agni[1], Dimple Lyn R. Basaca[2], Renelyn M. Basalo[3]

[1]*Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Davao del Norte, Philippines.*

[2]*Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Davao del Norte, Philippines.*

[3]*Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Davao del Norte, Philippines.*

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22604
DOI No: 10.36713/epra22604

ABSTRAK

Isa sa mga patuloy na hamon ng mga mag-aaral sa unang baitang ay ang paglinang ng kasanayan sa tamang pagbaybay sa wikang Filipino, na mahalaga sa epektibong pakikipagtalastasan. Nilalayon ng pananaliksik na ito na tukuyin ang bisa ng mga interbensyong nakabatay sa Gradual Exposure *at* Structured Activities *sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbaybay ng mga mag-aaral sa ika-11 baitang. Kabilang sa mga ginamit na estratehiya ang mga gawaing tulad ng* fill-in-the-blanks *at* sentence starters*, na nagsilbing gabay upang unti-unting mapaunlad ang tiwala at husay ng mga mag-aaral sa pagsulat at pasalitang komunikasyon. Isinagawa ang interbensyon sa 32 piling mag-aaral mula sa Sampao Integrated School. Gumamit ang mananaliksik ng pre-test at post-test upang masukat ang antas ng kasanayan bago at pagkatapos ng interbensyon. Lumabas sa resulta ng* paired sample t-test *na may makabuluhang pagtaas sa marka ng post-test ($t(20) = -25.428$, $p < .001$), na nagpapakita ng malaking pag-unlad sa kasanayan sa pagbaybay ng mga kalahok. Ipinapahiwatig ng mga natuklasan na epektibo ang mga interaktibo at nakaayos na gawain sa pagpapalawak ng kaalaman sa gramatika at pagbaybay. Inirerekomenda ng pag-aaral na gamitin ang katulad na interbensyon sa pagtuturo ng Filipino upang mapahusay ang kasanayang lingguwistiko ng mga mag-aaral.*

KEYWORDS: *Quasi-experimental, Gradual Exposure, Grade-11 Learners, Grammar, Philippines*

INTRODUKSYON

Ang aksyong pananaliksik na ito ay naglalayong maglatag ng mga pangunahing konsepto ng pag-aaral sa pamamagitan ng isang interbensyong makatutulong sa mas sistematikong pagresolba ng suliranin (Gonzales, 2020). Tinatalakay nito ang rasyunale, layunin, mga tanong sa pananaliksik, at ang mungkahing inobasyon, interbensyon, at estratehiya (Ramos, 2021). Mahalaga ang wastong paggamit ng gramatika sa mga mag-aaral ng Senior High School para sa kanilang akademikong pag-unlad at epektibong komunikasyon. Ang mga pagkakamali sa gramatika ay nagiging hadlang sa malinaw na pagpapahayag ng ideya (De Los Reyes, 2021).

Sa Albania, natukoy na maraming mag-aaral sa Tirana ang nahihirapan sa pagbuo ng teksto at pagsasalita dahil sa kakulangan sa bokabularyo, na nagdudulot ng mababang kumpiyansa sa sarili at limitadong pakikilahok sa talakayan sa klase (Demneri, 2024). Sa Iraq, natuklasan sa Tikrit University na ang mga mag-aaral ay may kahinaan sa gramatikal, semantiko, at pragmatikong aspekto, bunga ng lumang pamamaraan ng pagtuturo, hindi angkop na kurikulum, at mga suliraning sikolohikal (Ajaj, 2022). Samantala, sa Oman, nahaharap ang mga mag-aaral sa kakulangan sa bokabularyo at kaalaman sa gramatika, pati na rin sa pag-unawa sa binabasa, na humahadlang sa malinaw na pagpapahayag ng ideya at paggawa ng buod (Mustafa et al., 2022).

Sa Maynila, nahaharap ang mga mag-aaral sa kakulangan sa kaalaman sa gramatika, mababang tiwala sa sarili, at limitadong pokus sa gramatika sa paraan ng pagtuturo, na humahadlang sa malinaw na pagpapahayag ng kanilang ideya (Aranda, 2022). Sa Cebu, lumitaw na karaniwan ang pagkakamali sa gamit ng salita at balarila, na nagdudulot ng kalituhan sa pasulat at pasalitang komunikasyon (Cuyos et al., 2024). Samantala, sa Sorsogon, natukoy ang mga problema gaya ng di-pagkakatugma ng simuno at pandiwa, maling anyo ng pandiwa, at hamon sa paggamit ng ikalawang wika, na may malaking epekto sa pagkatuto ng gramatika (Gruta & Astillero, 2024).

Sa pananaliksik nina Cruz at dela Peña (2023), tinukoy na 68% ng mga senior high school students sa rehiyon XI ang nakararanas ng matinding kaba sa tuwing may *oral recitation*, at pangunahing dahilan nito ay ang kakulangan sa tiwala sa sarili dulot ng kahinaan sa gramatika. Dahil dito, mahalagang matugunan hindi lamang ang kakulangan sa kaalaman kundi maging ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika. Sa isang *pilot test* na isinagawa gamit ang *structured grammar activities*, napag-alamang tumaas ng 30% ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

grammar test scores ng mga kalahok matapos ang apat na linggong interbensyon. Bukod dito, 80% ng mga kalahok ang nagpahayag na mas naging komportable at tiwala silang makilahok sa mga talakayan at gawaing pasalita matapos ang programang interbensyon. Ang mga resultang ito ay nagpapakita ng ugnayan ng wastong pagtuturo ng gramatika at pagtaas ng kumpiyansa sa sarili ng mga mag-aaral, na siyang mahalagang aspeto ng kanilang akademikong pag-unlad.

Sa Sampao Integrated School sa Davao del Norte, maraming mag-aaral sa ika-11 baitang ang nahihirapan sa wastong paggamit ng gramatika, na nagdudulot ng kalituhan at mababang akademikong pagganap. Dahil dito, nagiging mahirap ang paggawa ng mga sulating akademiko at nagkakaroon sila ng mababang tiwala sa sarili, lalo na sa pakikilahok sa klase. Kailangan nila ng sistematikong pagsasanay upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa gramatika at komunikasyon.

Ipinakita sa mga pag-aaral nina Ranque et al. (2024), Cuyos et al. (2024), at Andilab at Amante (2024) ang mga suliranin sa gramatika ng mga mag-aaral sa kolehiyo at senior high school, ngunit hindi ito tumutukoy sa ika-11 baitang na nahihirapan sa paggamit ng angkop na salita sa Filipino. Kaya layunin ng pananaliksik na ito ang suriin ang epekto ng interbensyon sa kasanayang gramatikal ng mga mag-aaral sa Sampao Integrated School.

Sa paunang pagsusuri, 72% ng 32 mag-aaral sa ika-11 baitang ay bumagsak sa pagsusulit tungkol sa pang-ukol, pandiwa, at pangatnig. Ayon sa mga guro, marami ang nag-aatubiling makilahok sa klase dahil sa takot na magkamali sa gramatika.

Ayon sa isang mag-aaral ng HUMSS-11, madalas siyang nagdadalawang-isip magsalita sa Filipino dahil sa takot magkamali sa gramatika, na nakakaapekto sa kanyang aktibong partisipasyon. Mahalaga ang pag-aaral ng gramatika upang malinaw na maipahayag ang mga ideya, mapaunlad ang kritikal na pag-iisip, at magtagumpay hindi lang sa akademya kundi pati sa propesyonal na buhay.

Layunin ng Pag-aaral

Ang mga tanong sa pananaliksik sa ibaba ay gagamitin upang siyasatin ang mga dahilan kung paano ang *Gradual Exposure* at *Structured Activities* tulad ng *Fill in The Blanks* at *Sentence Starters* ay magiging isang interbensyon para sa mga mag-aaral na mahubog ang kanilang kasanayan sa gramatika partikular na sa wikang Filipino ng mga mag-aaral mula sa ika-11 na baitang sa paaralan ng Sampao Integrated School. Ang mga katanungan sa pananaliksik na naging gabay sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong baybay ng Wikang Filipino bago ipatupad ang interbensyong *Gradual Exposure Through Engaging Structured Activities?*
2. Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong baybay ng Wikang Filipino pagkatapos ng implimentasyon ng interbensyong *Gradual Exposure Through Engaging Structured Activities?*
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa gramatika ng wikang Filipino ng mga mag-aaral batay sa resulta ng isinagawang pretest at post-test?
4. Ano ang pananaw o karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng *Gradual Exposure* at *Structured Activities* bilang interbensyon sa pagkatuto ng gramatika?

Iminungkahing Inobasyon, Interbensyon, at Estratehiya

Ang iminungkahing inobasyon ay naglalayong mahubog ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong pagbaybay ng wikang Filipino sa pamamagitan ng *Gradual Exposure* at mga *Structured Activities.* Kabilang sa mga interbensyong ito ang paggamit ng mga aktibidad tulad ng *fill in the blanks* at *sentence starters* na nagiging gabay ng mga mag-aaral upang unti-unting mapalakas ang kanilang kumpiyansa at kakayahan sa pagsulat at maging sa kanilang pagsasalita. Dagdag pa, ang mga ito ay nilalayon hindi lamang upang mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, kung hindi upang mapanatili rin ang interes at aktibong pakikilahok nila sa bawat talakayan.

Itong interbensiyon na ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magsanay ng aktibong pagsulat na tumutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapabuti ng kumpiyansa sa wika. Ang *fill in the blanks* ay nakatutulong sa mga mag-aaral na magsanay ng tamang gramatika at estruktura ng wika, habang ang *sentence starters* ay nagsisilbing gabay sa pagsisimula ng mga pahayag na tumutulong sa kanila na maging mas organisado at may tiwala sa pagpapahayag ng kanilang mga ideya. Ang mga estratehiyang ito ay nagbibigay ng *gradual exposure* sa pagsasalita na tumutulong sa mga mag-aaral na maging mas komportable at epektibo sa pagpapahayag ng kanilang saloobin.

Ang *gradual exposure* ay nakatuon sa dahan-dahang pag-eensayo na nagsisimula sa mga simpleng gawain patungo sa mas komplikado, upang hindi mabigla ang mga mag-aaral at maipakita ang kanilang pag-unlad gamit wastong gramatika sa wikang Filipino. Ang prosesong ito ay nagbibigay daan sa mga mag-aaral na masanay at magkaroon ng kumpiyansa habang unti-unting nahuhubog ang kanilang kakayahan sa mabisang pagsulat at maging pakikipagtalastasan.

Ang mga *structured activities* naman ay nagbibigay ng malinaw na istruktura sa kanilang pagsasanay, kaya't nagkakaroon sila ng oportunidad na mapaghandaan kung paano gamitin ng wasto ang bawat salita. Sa ganitong paraan, ang bawat mag-aaral ay mas magiging komportable at handa sa paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng komunikasyon, hindi lamang sa loob ng silid-aralan kundi pati na rin sa iba't ibang aspeto ng kanilang buhay.

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang ginamit ng mga mananaliksik sa aksiyong pananaliksik na ito ay ang kuwantitatibong *experimental* na pag-aaral kung saan gagamitan ng talatanungan upang maanalisa ang mga resultang tugon ng mga kalahok. Ginamit ng mga mananaliksik ang disenyong ito sapagkat ito ay nakikitang mas epektibo sa pag-aaral na ito. Maaari itong gamitin upang hanapin ang mga *pattern* o *average*, gumawa ng prediksyon, subukan ang mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

sanhi at epekto, at mag-analisa sa pangkalahatang resulta sa mas malawak na aksiyong pananaliksik na ito. Ang paggamit ng disenyong ito ay mahalaga sa konteksto ng pag-aaral dahil layunin nitong suriin kung ang *Gradual Exposure* ay epektibong paraan upang mas mapalalim ang interes at kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino.

Ang inobasyong ito ay nagbibigay ng mas masigla, interaktibo at malikhaing paraan ng pag-aaral na umaayon sa mga makabagong estilo ng pagtuturo. Bukod dito, ang datos na malilikom mula sa *pre-test* at *post-test* ay magiging mahalagang pundasyon sa pagsusuri kung ang isinagawang aktibidad ay maaaring palawakin o gamitin sa iba pang antas ng pag-aaral lalo na sa konteksto ng pagtuturo ng wika sa ika-21 siglo. Sa ganitong paraan, makabubuo ang mga mananaliksik ng mas makabuluhang rekomendasyon para sa pagpapabuti ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral.

Lokasyon ng Pananaliksik

Makikita sa bahaging ito ang maikli at espisipikong paglalarawan sa lugar o tagpuan kung saan gaganapin ang pananaliksik. Ito ay gagawin sa Sampao Integrated School (SIS) kung saan nagmula ang mga partisipante. Ang mga partisipante sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral mula sa ika-11 na baitang.

Mga Partisipante ng Pananaliksik

Nakatuon ang pananaliksik sa mga partisipante sa Sampao Integrated School (SIS) partikular na sa baitang 11. Ang mga mag-aaral ay pinili batay sa kanilang kasalukuyang antas ng kakayahan sa pagsasalita ng wikang Filipino, partikular sa mga may kahirapan o kakulangan sa tiwala sa sarili sa paggamit ng wika. Ang mga partisipante ay magbibigay ng malawak na representasyon at mas mataas na katumpakan na mahalaga sa makabuluhang konklusyon.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay isang pagsusulit na nakatuon sa balarila; pre-test at post-test. Ang pre-test ay isinagawa upang masuri ang antas ng kaalaman ng mga kalahok sa balarila at upang matiyak ang pagkakapantay-pantay ng kanilang kasanayan bago ang interbensyon. Ang pagsusulit na *Fill in the blanks* na sumasaklaw sa iba't ibang aspeto ng balarila, tulad ng wastong gamit ng mga bahagi ng pananalita, tamang pagkakabuo ng mga pangungusap, at iba pang mahahalagang kaalaman sa gramatika.

Pagkatapos ng interbensyon, isinagawa ang post-test upang maikumpara ang antas ng kasanayan sa balarila. Ang layunin nito ay alamin kung mayroong pag-unlad o pagbabago sa kaalaman ng mga kalahok matapos matanggap ang itinalagang interbensyon. Ang post-test ay naglalaman ng 40 tanong na *multiple choice* na nakabatay sa mga paksang tinalakay mula sa mga materyales ng aklat-aralin, na parehong ginamit sa pre-test. Bukod dito, gamit ang *range of mean perecentage*, ang pagsusulit ay idinisenyo upang masukat hindi lamang ang pag-alala sa mga itinuro kundi pati na rin ang kakayahang gamitin ang mga ito sa praktikal na konteksto ng paggamit ng wika.

Talahanayan 1.
Pre-experimental na Disenyo

Grupo	Pre-test	Interbensyon	Post-test
Pre-Experimental (Maaasahan)	C1	X	C2

Pangangalap ng Datos

Ang isang *experimental* na pananaliksik ay kinakailangang makakuha at makalikom ng mga datos sa sistematikong paraan upang masiguro ang katumpakan, kabisaan at ikatatagumpay ng pananaliksik.

Matapos nalaman ang problema at natukoy ang mga respondente sa aksyong pananaliksik na ito, isinagawa ng mga mananaliksik ang isang *pretest* sa napiling mga mag-aaral. Pagkatapos nito, nagplano ang mananaliksik na mapabuti ang kanilang paggamit ng wastong balarila sa wikang Filipino gamit ang interbensyong *Gradual Exposure* at *Structured Activities.*

Pagkatapos ng interbensyon ay magsasagawa muli ng post-test ang mga mananalik sa pamamagitan ng pagsusulit na *multiple choice*. Makita kung epektibo ba ang isinagawang interbasyon, at kung may pagkakaiba ba sa ginawang pretest, at kung nabago ba ang kanilang mga puntos pagkatapos ng interbensyon.

Pagsusuri ng Datos

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang epekto ng mga istratehiyang *fill in the blank* at *sentence starters* sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsasalita ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-11 baitang. Sa pamamagitan ng pretest at post-test. Ang pagkakaiba sa resulta ng pretest at post-test ang magsisilbing batayan sa pag-unawa kung epektibo ang mga inimplementang interbensyon kung mayroon bang natutuhan ang mga mag-aaral sa aksiyong pananaliksik na isinagawa.

Talahanayan 2.
Range of Mean Percentage

Saklaw ng Porsyento ng Mean	Kahulugan	Interpretasyon
90-100	Napakataas	Ang antas ng kasanayan sa wastong gramatika sa wikang Filipino gamit ang interbensyon ay laging naipapakita.
75-89	Mataas	Ang antas ng kasanayan sa wastong gramatika sa wikang Filipino gamit ang interbensyon ay madalas na naipapakita.
60-74	Katamtaman	Ang antas ng kasanayan sa wastong gramatika sa wikang Filipino gamit ang interbensyon ay minsan lang naipapakita.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

45-59	Mababa	Ang antas ng kasanayan sa wastong gramatika sa wikang Filipino gamit ang interbensyon ay bihirang naipapakita.
30-44	Napakababa	Ang antas ng kasanayan sa wastong gramatika sa wikang Filipino gamit ang interbensyon ay hindi naipapakita.

Istatistikal na Tritment ng mga Datos

Ang mga sagot sa bawat bilang ng mga talatanungan ay itatala nang naayon sa layunin ng pag-aaral. Ang resulta ay susuriin at bibigyang-pagpapakahulugan gamit ang istatistikal *tool* sa pagkalkula ng mga datos upang masukat ng mananaliksik na may 0.05 na antas ng katiyakan.

Mean. Ginamit ito upang kalkulahin ang kabuoang datos ng baryabol sa pag-aaral, nang sa gayon ay malaman ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong balarila sa Filipino sa *pre-test* at *post-test.*

Standard Deviation. Sinukat nito ang pagkakaiba-iba ng mga puntos ng mag-aaral mula sa *mean* upang matukoy kung gaano kalawak ang pagkalat ng kanilang mga resulta sa *pre-test* at *post-test.*

Paired T-test. Ginamit ito upang suriin ang istatistikal na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang grupo o kondisyon. Ito rin ay nakatulong upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba sa *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral na nasa baitang-11 ng *Sampao Integrated School* kaugnay sa kaalaman nito sa wastong gamit ng balarila sa Filipino.

Cohen's d. Ginamit ito upang sukatin ang laki ng epekto ng interbensyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng *Cohen's d*, natukoy kung gaano kalakas ang epekto ng *Gradual Exposure sa pamamagitan ng Fill-in-the-blanks at structured activities* sa pagpapahusay ng kanilang kaalaman sa wastong gamit ng mga salita sa Filipino.

Etikal na Konsiderasyon

Mahalaga ang pagsasaalang-alang sa etikal na konsiderasyon upang matiyak ang sistematikong mga kasanayan sa pananaliksik, ang mga *ethical codes* ay kinakailangang bigyang diin at ilapat sa mga partisipante (Halai, 2006). Ang pag-aaral na ito ay umiikot sa mga pangunahing prinsipyo ng etikal na pananaliksik na kinabibilangan ng pagsang-ayon, at pagiging kompidensiyal. Higit pa rito, mahigpit din nitong sinusunod ang responsableng pamamahala ng datos, kabilang ang tamang pagtatala, pagsusuri, at pag-iimbak ng impormasyon upang maiwasan ang anumang uri ng maling interpretasyon sa resulta.

RESULTA AT DISKUSYON

Inilahad sa kabanatang ito ang resulta o datos na nakuha sa pag-aaral. Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng datos sa antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa pretest; ang antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa post-test; at ang makabuluhang pagkakaiba ng mga marka ng pretest at post-test ng mga mag-aaral.

Research Question No. 1: Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong baybay ng Wikang Filipino bago ipatupad ang interbensyong *Gradual Exposure Through Engaging Structured Activities?*

Ipinapakita sa kabanatang ito ang buod ng mga natuklasan tungkol sa resulta ng pagpapahusay ng kakayahan sa pagbibilang ng mga mag-aaral sa Grade 11. Ang mga mag-aaral ay pinili batay sa kanilang kasalukuyang antas ng kakayahan sa pagsasalita ng wikang Filipino, partikular sa mga may kahirapan o kakulangan sa tiwala sa sarili sa paggamit ng wika.

Talahanayan 3.
Resulta ng Pretest

Pre-test		
Score	**Frequency**	**Percentage**
8	2	6.25%
9	2	6.25%
10	3	9.38%
12	3	9.38%
13	2	6.25%
15	5	15.62%
16	3	9.38%
17	5	15.62%
19	3	9.38%
21	2	6.25%
22	2	6.25%
Total	**32**	**100.00%**
Mean Percentage Score		**37.27**
Description		**Napakababa**

Ipinakita sa Talahanayan 3 ang mga resulta ng paunang pagsusulit, na nagsasaad ng mga antas sa pagganap ng 32 na mga mag-aaral. Ang mababang porsyento ng marka na ipinapakita sa talahanayan sa itaas, ay 37.27, na nagpapakita ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mababa na pagganap ng mga mag-aaral sa pretest. Sa bahagi ng frequency, ang iskor na 5 ay ang pinakamataas na iskor na may katumbas na 15.62 na porsyento, ang nakakuha ng may mataas na iskor ay naglalarawan na ang kaalaman ng mga mag-aaral ay ang antas ng kasanayan sa wastong gramatika sa wikang Filipino gamit ang interbensyon ay hindi naipakita ng mga mag-aaral. Samantala, ang pinakamababa na iskor ay 1 sa bahagi ng frequency na may katumbas na 6.25 na porsyento. Sa kabilang banda, ang madalas na lumalabas na iskor ay 2 na may porsyentong 6.25.

Ito ay sinang-ayunan ng pag-aaral nina Lartec at Perey (2012), na nalilito ang mga mag-aaral sa gamit ng pandiwa. Ayon sa pananaliksik na isinagawa ni Abyado (2016), lumabas sa kanyang pag-aaral na mababa rin ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino sa pagkilala sa paksa ng pangungusap. Ayon naman kay Estioco (2020) sa kaniyang pananaliksik na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagkilala sa kaugnayan ng paksa at pandiwa sa loob ng pangungusap. Gayundin, hindi rin nila matiyak kung ano ang anyo ng pandiwa ang gagamitin sa pagbuo ng pahayag.

Research Question No. 2: Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong baybay ng Wikang Filipino pagkatapos ng implimentasyon ng interbensyong *Gradual Exposure Through Engaging Structured Activities?*

Ipinapakita sa kabanatang ito ang buod ng mga natuklasan tungkol sa resulta ng pagpapahusay ng kakayahan sa pagbibilang ng mga mag-aaral sa Grade 11. Ang mga mag-aaral ay pinili batay sa kanilang kasalukuyang antas ng kakayahan sa pagsasalita ng wikang Filipino, partikular sa mga may kahirapan o kakulangan sa tiwala sa sarili sa paggamit ng wika.

Talahanayan 4.
Resulta ng Post-test

Post-test		
Score	**Frequency**	**Percentage**
25	2	6.25%
27	3	9.38%
28	3	9.38%
30	2	6.25%
31	6	18.75%
32	5	15.62%
33	2	6.25%
34	3	9.38%
35	2	6.25%
36	2	6.25%
37	2	6.25%
Total	**32**	**100.00%**
Mean Percentage Score		**78.52**
Description		**Mataas**

Ipinakita naman sa Talahanayan 4 ang mga resulta ng post-test, na nagpapahiwatig ng mga antas ng pagganap ng 32 na mga mag-aaral. Ang mataas na porsyento ng marka ng mga mag-aaral na ipinapakita sa talahanyan sa itaas ay 78.52, na nagpapahiwatig ng may mataas na pagganap ng mga mag-aaral sa post-test. Ang mga hakbang na ito ay naglalarawan na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong gramatika sa wikang Filipino gamit ang interbensyon ay naipakita ng mga mag-aaral. Sa bahagi ng frequency, ang iskor na 6 ay ang pinakamataas na iskor na may katumbas na 18.75 na porsyento. Samantala, ang pinakamababa na iskor sa bahagi ng frequency ay 2 na may katumbas na 6.25 na porsyento. Sa kabilang banda, ang madalas na lumalabas na iskor ay 2 na may porsyentong 6.25.

Sinang-ayunan din ito ni Macasmag (2011) sa kanyang pag-aaral na kung natuto ang isang bata sa gramatika nagiging maalam ito at napapayaman ang kanyang pahayag. Gayundin, yumayabong ang kaalaman nito kapag madalas ang kanyang pakikipag-usap. Ayon kay Angel (2022), mahalagang magkaroon din ng sapat na kaalaman ang mga mag-aaral upang magamit niya nang tama o wasto ang wika at hindi magkaroon ng kalituhan. Ayon naman kay Dayao (2022), may mga salitang ginagamit na masasabing ito ay tama o wasto na maaring magpalitan o malayang nagpapalitan ayon sa pagkakagamit, ngunit kung ibabatay sa mga tuntuning pambalarila ay mali pala. Kalakip nito, masasabi na ang pagkakaroon ng mga hakbang sa pagpapahusay sa kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika ay napakahalaga.

Research Question No. 3: Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa gramatika ng wikang Filipino ng mga mag-aaral batay sa resulta ng isinagawang pretest at post-test?

Ipinapakita sa kabanatang ito ang buod ng mga natuklasan tungkol sa resulta ng pagpapahusay ng kakayahan sa pagbibilang ng mga mag-aaral sa Grade 11. Ang mga mag-aaral ay pinili batay sa kanilang kasalukuyang antas ng kakayahan sa pagsasalita ng wikang Filipino, partikular sa mga may kahirapan o kakulangan sa tiwala sa sarili sa paggamit ng wika.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 5.
Makabuluhang Pagkakaiba ng mga Puntos sa Pagitan ng Pretest at Post-test.

Paired Samples T-Test

Measure 1		*Measure 2*	*Test*	*Statistic*	*z*	*df*	*p*	*Effect Size*	*SE Effect Size*
Post-Test	-	Pre-Test	Student	28.762		31	< .001	5.084	0.570
			Wilcoxon	528.000	4.937		< .001	1.000	0.200

Descriptives

	N	*Mean*	*SD*	*SE*	*Coefficient of variation*
Post-Test	32	31.438	3.301	0.584	0.105
Pre-Test	32	14.594	4.157	0.735	0.285

Dahil ang p-value ($p < 0.001$) ay mas mababa kaysa sa itinakdang antas ng kahalagahan ($\alpha = 0.05$), tinatanggihan ang null hypothesis. Ipinapakita nito na may makabuluhang pagkakaiba sa mga resulta ng pre-test at post-test, na nagpapatunay sa bisa ng isinagawang interbensyon sa pagpapahusay ng kasanayan sa wastong gramatika ng mga mag-aaral.

Research Question No. 4: Ano ang naging karanasan at pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa bisa ng paggamit ng Gradual Exposure at Structured Activities bilang interbensyon sa pagpapahusay ng kaalaman sa wastong gramatika sa Filipino?

Ang katanungang ito ay tumatalakay sa karanasan at pananaw ng mga mag-aaral kaugnay sa paggamit ng *Gradual Exposure at Structured Activities* bilang mga interbensyon upang mapabuti ang kanilang kaalaman sa wastong gramatika sa Filipino. Sa pagtugon ng pito (7) partisipante, mayroong limang pangunahing tema ang lumabas. Ang mga pangunahing tema ay: *kahirapan sa kasanayan sa gramatika bago ang interbensyon, nagpapalawak ng bokabularyo, nagpapalalim ng kaalaman sa gramatika, gradual exposure bilang epektibong paraan ng pagpapadali ng pagkatuto, at pagkakaroon ng kumpiyansa sa sarili*.

Kahirapan sa Kasanayan sa Gramatika Bago ang Interbensyon

Ang wika ay napakahalaga dahil ito ang ginagamit sa pang-araw–araw na pakikisalamuha sa ating kapwa. Ito ang nagsisilbing daan upang ating maipahayag ang ating saloobin, hinuha o mensahe. Gayunpaman, dahil sa kakulangan sa kasanayan sa ating wika; maraming mga mag-aaral ang hindi gaanong bihasa o nahihirapan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita at pagsulat. Kaya naman, sila ay nahihirapan sa pagsasalita sa harap ng klase tulad ng reporting o ulat at pagsulat gamit ang wikang Filipino.

Ayon sa pananaliksik nina Dicang at Molina (2023), ang Filipino ay isa sa mga wikang itinuturing na mahirap gamitin sa pagsasalita at pagsulat. Isa sa mga dahilan nito ay ang kakulangan sa kaalaman, limitadong bokabularyo, pagkalito sa mga salitang may panlapi, at kakulangan sa husay ng guro sa pagtuturo ng wikang Filipino. Dagdag pa rito, sabi ni Morales (2021) ipinakita ng kanilang pananaliksik na ang mga mag-aaral na walang sapat na pagsasanay at exposure sa wastong gamit ng gramatika ay nahihirapan sa epektibong pagpapahayag ng mga ideya, na nagreresulta sa mababang antas ng akademikong performance.

Nagpapalawak ng Bokabularyo

Ang pag-aaral na ito ay tumutuon sa ugnayan sa pagitan ng mga estratehiya sa pagkatuto ng bokabularyo *(Vocabulary Learning Strategies o VLS)* na ginagamit, ayon sa pananaw ng mga mag-aaral ng Ingles bilang ikalawang wika (ESL), at ang kanilang kasanayan sa bokabularyo. Ipinapakita ng pag-aaral na ang pagpapalawak ng bokabularyo ay hindi nakadepende sa iisang paraan lamang. Sa halip, kailangan ang paggamit ng iba't ibang estratehiya, sinasadya man o hindi upang mapahusay ang kaalaman sa mga salita.

Ayon kina Alvarez at Domingo (2022), ang pagpapalawak ng bokabularyo ay mahalagang salik sa pag-unlad ng kasanayang gramatikal ng mga mag-aaral. Sa kanilang pag-aaral, lumabas na ang mga mag-aaral na may mas malawak na bokabularyo ay mas madaling nakauunawa at nakagagamit ng wastong estruktura ng pangungusap.

Suportado rin ito nina Ramos at Castillo (2023) na nagsabing ang unti-unting pagkakalantad ng mga mag-aaral sa bagong salita sa pamamagitan ng estrukturadong gawain ay epektibong paraan upang mapaunlad ang bokabularyo at kasanayang panggramatika—na siyang layunin ng pag-aaral nina Santos at Reyes (2023) sa *Unlocking Filipino Grammar Mastery*.

Nagpapalalim ng Kaalaman sa Gramatika

Ang antas ng kaalaman sa gramatika ng mga mag-aaral ay isa sa pinaka mahalagang aspeto sa pag-aaral ng ating wika. Sa pamamagitan ng pag-unawa at pag intindi sa mga patakaran at estraktura ng wika, nagiging malinaw at epektibo ang nagiging komunikasyon ng bawat indibidwal. Ito ang kaayusan ng salita sa pagbuo ng mga pangungusap at organisasyon ng mga ideya. Ang gramatika o balarila ay may mahalagang tungkulin sa ating wika, ito ay kinakaylangan upang maging wasto at malinaw ang ipinahahayag na salita.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ayon kina Mendoza at Javier (2022), ang paggamit ng sunod-sunod at malinaw na aktibidad sa pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapalalim ng kaalaman sa gramatika ng mga mag-aaral, lalo na sa senior high school. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang sistematikong pagsasanay ay nagpapahusay sa pag-unawa at paggamit ng tamang anyo ng wika.

Samantala, ipinunto nina De Guzman at Villanueva (2023) na ang tuloy-tuloy na paglalantad sa mga estrukturang gramatikal sa pamamagitan ng makabuluhang gawain ay mabisang paraan upang malinang ang mas malalim na kaalaman sa gramatika. Tugma ito sa layunin ng pag-aaral nina Santos at Reyes (2023) sa *Unlocking Filipino Grammar Mastery*.

Gradual Exposure bilang Epektibong Paraan ng Pagpapadali ng Pagkatuto

Ayon sa pag-aaral ni Nation (2023), ang *gradual exposure* ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na matutuhan ang mga salita sa natural na paraan, habang sila ay aktibong nakikilahok sa mga gawain tulad ng pagbasa, pagsulat, at pakikinig. Sa ganitong paraan, ang pagkatuto ay mas nagiging makabuluhan, tuloy-tuloy, at mas madaling maunawaan at maiproseso.

Ayon kina Bautista at Lorenzo (2022), ang unti-unting paglalantad o *gradual exposure* sa mga aralin ay napatunayang epektibo sa pagpapadali ng pagkatuto sa wika, dahil nagbibigay ito ng panahon sa mga mag-aaral upang unti-unting maunawaan at maisabuhay ang mga konseptong gramatikal.

Suportado rin ito nina Cruz at Medina (2023), na nagsabing ang estrukturadong aktibidad na isinasagawa nang sunud-sunod ay mas nakatutulong sa retention at aplikasyon ng natutunan. Tugma ito sa layunin nina Santos at Reyes (2023) sa *Unlocking Filipino Grammar Mastery*, kung saan ginamit ang *gradual exposure* bilang pangunahing estratehiya sa pagpapahusay ng gramatikal na kaalaman ng mga mag-aaral.

Pagkakaroon ng Kumpyansa sa Sarili

Hindi lahat ng mag-aaral ay komportableng magtaas ng kamay upang makibahagi sa talakayan o sumagot sa mga tanong sa pagsusulat. Dito pumapasok ang kahalagahan ng mga *scaffolding tools* tulad ng sentence starter. Ang mga ito ay nakatutulong sa lahat ng mag-aaral na magkaroon ng tiwala sa sarili sa pagsulat at pagsasalita sa klase. Sa tulong ng mga estrukturadong aktibidad na ito, mas nagkakaroon ng kumpiyansa ang mga mag-aaral sa pagbabahagi ng kanilang ideya pasulat man o pasalita sa iba't ibang asignatura gaya ng English, Filipino, Math, Agham, at Araling Panlipunan (Corujo, 2023).

Ayon kina Navarro at Enriquez (2022), ang masusing pagkatuto sa gramatika sa pamamagitan ng gabay at estrukturadong gawain ay nagdudulot ng pagtaas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita at pagsulat. Nakakatulong ito upang mas aktibong makibahagi ang mga mag-aaral sa talakayan sa klase.

Ganito rin ang natuklasan nina Rivera at Salazar (2023), na binigyang-diin na ang *gradual exposure* sa mga gawaing pangwika ay nagbibigay ng ligtas na espasyo sa mga mag-aaral na magsanay at magkamali, na kalauna'y humahantong sa mas mataas na tiwala sa sarili. Kaakibat ito ng layunin ng pag-aaral nina Santos at Reyes (2023) sa *Unlocking Filipino Grammar Mastery*.

KONKLUSYON

Batay sa mga nakalap na datos mula sa isinagawang pag-aaral, napatunayan na ang structured activities ay may malaking epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa gramatika ng Filipino. Ang mga aktibidad na may malinaw na daloy at tamang pagkakasunod-sunod ay nagbigay ng positibong resulta sa pag-unlad ng kanilang kasanayan sa pagsasalita, pagsusulat, at pag-unawa sa Filipino.

Ang paggamit ng gradual exposure ay napatunayang epektibong paraan sa pagpapalawak ng bokabularyo, pagpapalalim ng kaalaman sa gramatika, at pagpapataas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika. Sa kabuuan, ang ganitong mga interbensiyon ay makabuluhang nakatulong upang mabawasan ang kahirapan sa paggamit ng Filipino grammar at mapalakas ang kanilang kasanayang pangwika.

Bukod dito, ang suporta ng mga guro at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral ay naging mahalagang salik sa pagpapalakas ng kanilang kakayahan sa pagsusulat at pagsasalita ng Filipino. Sa kabuuan, ang ganitong mga interbensiyon ay hindi lamang nagpalawak ng kanilang bokabularyo at kaalaman sa gramatika, kundi nagbigay rin ng mas malalim na pag-unawa sa paggamit ng wika. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay at tamang paggabay, inaasahang mas mapapaunlad pa ang kanilang kasanayan sa Filipino, na magiging mahalagang pundasyon sa kanilang pag-aaral at pang-araw-araw na komunikasyon.

REKOMENDASYON

Base sa resulta ng pag-aaral na "Unlocking Filipino Grammar Mastery (Gradual Exposure Through Structured Activities): Isang Interbensyon sa Pagpapahusay ng Kaalaman sa Wastong Gramatika sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ika-11 na Baitang" patunay na epektibo ang pagpapalakas ng isinagawa sa kanilang kahusayan sa paggamit ng wastong balarila. Upang higit pang mapalawak ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino, inirerekomenda ang patuloy na paggamit ng *gradual exposure* ipagpatuloy ang paggamit ng unti-unting pagpapakilala ng mga konsepto mula sa simple hanggang sa mas komplikadong leksyon. Napatunayan na itong mabisang paraan upang palalimin ang pag-unawa sa gramatika at mapataas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral.

Dagdag pa ang aktibong paglahok sa mga gawain. Hinihikayat ang mas madalas na pagsasagawa ng mga interaktibo na aktibidad tulad ng pagsulat, pagbabalangkas, at oral exercises upang palakasin ang kasanayan sa paggamit ng tamang grammar at pagpapalawak ng bokabularyo. Sa kabilang banda, ang pagsasanay sa pagbuo ng wastong pangungusap ay nakapagbibigay ng mas maraming pagkakataon para sa mga mag-aaral na magsanay ng tamang paggamit ng Filipino sa pamamagitan ng mga *structured writing exercises at group discussions.*

Nakatutulong din ang suportang pangwika kaya't maganda na maglaan ng mga dagdag na materyales tulad ng *vocabulary*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

drills, grammar guides, at worksheets upang mas lalong mapadali ang pag-aaral ng *Filipino grammar*. Ang patuloy na pagbabantay at pag-evaluate ay isa rin sa mga aspektong nararapat isaalangalang. Ang regular na pagsuri sa progreso ng mga mag-aaral upang matukoy ang kanilang kahinaan at mapagtuunan ng pansin ang mga aspeto ng gramatika na kailangang paghusayan. Iminumungkahi rin na ang pagpapaigting ng kumpyansa ng mga mag–aaral ay bigyang pansin. Hikayatin ang mga mag-aaral na huwag matakot magkamali at bigyang-pansin ang kanilang lakas sa paggamit ng Filipino upang mas mapalakas ang kanilang tiwala sa sarili sa pagsasalita at pagsusulat.

TALASANGGUNIAN

1. *Abyado, R.O.2016. Pagsasanay Pangwika para sa mga Mag-aaral na Nagpapakadalubhasa sa Filipino. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.*
2. *Alvarez, C., & Domingo, T. (2022). Bokabularyo at Kasanayang Panggramatika: Isang Kaugnay na Pag-aaral sa Filipino. Journal of Educational Studies, 3(1), 25–31.*
3. *Andilab, D. & Amante, E. (2024). Grammatical competence and grammatical knowledge of senior secondary students in the new normal: learning interventions. https://scimatic.org/storage/journals/6/pdfs/2854.pdf*
4. *Angel, R 2002. Karaniwang Kamalian Panggramatika samga Akademikong sulatin. Di nalathalang Tesis. Benguet State University, La Trinidad, BenguetAjaj, I.E. (2022). Investigating the Difficulties of Learning English Grammar and Suggested Methods to Overcome Them. https://www.researchgate.net/publication/364445391_Investigating_the_Difficulties_of_Learning_English_Grammar_and_Suggested_Methods_to_Overcome_Them*
5. *Aranda, M.R. (2022). Learning Challenges in the New Senior High School English Curriculum in the Philippines. https://www.ijlter.net/index.php/ijlter/article/download/1469/1479/1480*
6. *Bautista, L., & Lorenzo, F. (2022). Gradual Exposure: Epektibong Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika. Philippine Pedagogical Review, 2(2), 40–49.*
7. *Cruz, E., & Medina, N. (2023). Structured Activities at Pagkatuto ng Wika: Isang Pagsusuri. Journal of Education and Culture, 4(4), 29–38.*
8. *Cuyos, A.N., Omana, E., Madidis, E., & Dela Pena, D. (2024). Navigating Grammatical Errors Among Filipino Tertiary Students: Implication for Linguistic Competence. https://www.researchgate.net/publication/383074407_Navigating_Grammatical_Errors_Among_Filipino_Tertiary_Students_Implication_for_Linguistic_Competence*
9. *Dayao, E 2022. Kamalian Panggramatika sa pagsulat ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Di nalathalang Tesis. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.*
10. *De Guzman, A., & Villanueva, J. (2023). Makabuluhang Gawain Bilang Paraan sa Pag-unawa ng Gramatika. Journal of Filipino Language Teaching, 5(3), 55–63.*
11. *De Los Reyes, A.C. (2021). Karaniwang gramatikang pagkakamali sa pagsulat ng sanaysay tungo sa lingguwistikong kasanayan. EPRA International Journal of Research and Development (IJRD) https://eprajournals.com/IJSR/article/5481/download*
12. *Delos Angeles, J., & Cruz, P. (2022). Pagsusuri sa Suliranin ng mga Mag-aaral sa Gramatika: Epekto ng Kakulangan sa Gabay at Interbensyon. Journal of Language and Learning, 5(2), 45–53.*
13. *Demneri, E. (2024). Students' Difficulties in Writing in English Language. Proceedings of The International Conference on Modern Research in Education, Teaching and Learning, 3(1), 35–41. https://doi.org/10.33422/icmetl.v3i1.290*
14. *Gruta, R. & Astillero, S. (2024). Exploring Grade 7 Stuidents' Second Language Difficulties: Implications for Teaching and Learning. www. Oapub.org/edu. European Journal of Education Studies ISSN: 2501-1111*
15. *Halai, W.L. (2006). Impact of student financial aid on access. In J. Froomkin (Ed.), The crisis in higher education (pp. 84-96). New York: The Academy of Political Science.*
16. *Lartec, Norbert C.&Perrey, Gemam. (2012). Kakayahang Panggramatika sa Filipino ng mga Mag-aaral sa University of the Cordilleras.*
17. *Mendoza, S., & Javier, B. (2022). Estratehiya sa Pagpapalalim ng Kaalaman sa Gramatika ng mga Mag-aaral ng Senior High School. Filipino Educational Journal, 7(1), 18–27.*
18. *Morales, R., & Fernandez, A. (2021). Gramatikal na Kasanayan at Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Senior High School. Philippine Journal of Linguistics and Education, 4(1), 33–42.*
19. *Mustafa, A., Arbab, A.N., & El Sayed, A.A. (2022). Difficulties in Academic Writing in English as a Second/Foreign Language from the Perspective of Undergraduate Students in Higher Education Institutions in Oman. Arab World English Journal, 13 (3) 41-53.*
20. *Navarro, G., & Enriquez, R. (2022). Kumpyansa sa Sarili at Kasanayang Pangwika ng mga Mag-aaral. Journal of Language Development, 3(2), 21–30.*
21. *Ramos, C. C. (n.d.). Wastong-gamit-ng-ng-At-Nang_1-1.pdf. Scribd. https://www.scribd.com/document/426088223/wastong-gamit-ng-ng-at-nang-1-1-pdf?fbclid=IwZXh0bgNhZW0CMTEAAR3-r3BsyujnpANwUOCtP1P0UpxEl_KB4H9mi9qhgUoTsAIEsN16PazGOBw_aem_KvP0Xu4rcHooefj3SxMRJg*
22. *Ramos, D., & Castillo, M. (2023). Pagpapalawak ng Bokabularyo Gamit ang Estrukturadong Gawain. Language Learning Review, 6(2), 67–74.*
23. *Ranque, K.M., Liwanan, R., Nieva, L.J.D., & Bernal, A. (2024). Students' Proficiency in Using Filipino Language in Academic Communication. https://ijirme.com/v3i3/Doc/8.pdf*
24. *Rivera, H., & Salazar, J. (2023). Paglinang ng Tiwala sa Sarili sa Pamamagitan ng Gradual Exposure sa Filipino. Learning and Development Studies, 6(1), 44–51.*
25. *Santos, M., & Reyes, L. (2023). Unlocking Filipino Grammar Mastery (Gradual Exposure through Structured Activities): Pagpapahusay ng Kaalaman sa Wastong Gramatika ng mga Mag-aaral sa Ika-11 na Baitang.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Research Adaptive Test Questionnaires

Grammatical Competence of Fourth Year English Majors of Benguet State University. Benguet State Univer*sity, La Trinidad, Benguet" ni Yan (2007). Contextualized in Filipino*

Ang pagusulit na ito ay binubuo ng limang kadalasang kamalian sa gramatika (Paggamit ng Pang-ukol, Tuntunin ng Paksa at Pandiwa) Ang mga kalahok ng pananaliksik na ito ay binibigyan ng isang oras para tapusin. Sagutan lahat ng tanong. Maraming salamat.

1. Si Bb. Chiday ay nadismaya_____sa mga resulta ng kampanya sa pag-aanunsyo.
    a. para sa
    b. ng mga
    c. dahil sa
    d. tungkol sa
2. Ang pinakamurang paraan para lumipat sa ibang bansa ay _____, ngunit ito rin ang pinakamabagal.
    a. sa pamamagitan ng barko
    b. sa barko
    c. ng barko
    d. magpadala
3. _____ sa susunod na ilang buwan, umaasa kaming makapag-ayos ng isang kasunduan sa isang kumpanya sa Czech Republic.
    a. sa loob ng
    b. sa
    c. mula ng
    d. simula ng
4. Si Justin ay tinanggap dahil pamilyar siya _____ pinakabagong pag-unlad sa biotechnology.
    a. sa mga
    b. para sa
    c. ng mga
    d. tungkol sa
5. Ang tindahan ay bukas_____siyam hanggang anim ng gabi.
    a. mula
    b. sa
    c. sa pamamagitan ng
    c. sa pagitan ng
6. Si Bonnie ay kasal na _____ Steve ng dalawang taon.
    a. kasama si
    b. ni
    c. sa pamamagitan ni
    d. kay
7. Kailan sila dumating____hotel.
    a. sa may
    b. sa
    c. mula
    d. ng
8. Naglakbay kami _____6:45 tren na dumating ng 8:30.
    a. ng
    b. sa
    c. sa pamamagitan
    d. sa loob ng
9. May nabasa ka na ba _____ Ernest Hemingway? “Wala, anong klaseng libro ba ang isinulat niya?”
    a. mula sa
    b. mula kay
    c. tungkol sa
    d. tungkol kay
10. Kung nag-aalala ka tungkol sa problema, dapat kang gumawa ng isang bagay _____ dito.
    a. para
    b. mula
    c. tungkol
    d. para kay
11. Sino si Tom Hart? “Wala akong ideya.” Hindi pa ako nakakarinig _____ sa kanya.
    a. tungkol

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

b. mula
c. pagkatapos
d. ng

12. Mas gusto ko ang tsaa ____ kape.
a. kaysa
b. laban sa
c. higit sa
d. ng

13. Aalis ako _____katapusan ng Enero.
a. sa
b. ng
c. sa loob ng
d. sa pamamagitan

14. Anong oras ka uuwi? “Hindi ko alam.” Depende ____ trapiko.
a. ng
b. para
c. para
d. sa

15. Palagi silang naging napakabait___akin.
a. ng
b. para sa
c. tungkol sa
d. sa

16. Hindi masyadong magaling si Jan _____ pag-aayos ng mga bagay.
a. sa
b. tungkol sa
c. para sa
d. ng

17. Maglalakbay ako_____Hunyo.
a. sa
b. ng
c. para sa
d. mula

18. Ikakasal ako _____sa Hunyo 6.
a. sa
b. ng
c. para sa
d. mula

19. Aalis ang tren_____limang minuto.
a. sa
b. ng
c. sa loob ng
d. mula

20. Hindi kami nag-usap _____kumakain kami.
a. para sa
b. sa panahon ng
c. habang
d. Pagkatapos

21. Ang Ekonomiks _____paborito kong asignatura.
a. ay ang
b. ay ang mga
c. mga
d. ay mga

22. Ang Briton_____masisipag na tao.
a. ay ang
b. ay ang mga
c. mga
d. ay mga

23. _____ni Crystal ang pagtuturo.
a. Minamahal

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

b. Mahal
c. Mapagmahal
d. Mamahalin

24. Si Daniel _____napromote bilang superbisor.
a. ay
b. may
c. maging
d. may

25. Ang pagpupulong ay_____sa ganap na ika-9 ng umaga.
a. nag-umpisa
b. mag-uumpisa
c. kauumpisa
d. mag-umpisa

26. _____ang mga kargamento na aming natanggap sa pamamagitan ng overnight mail.
a. nasira
b. nasisira
c. masisira
c. masira

27. Si Alexis _____itinuturing na mabuting manggamot.
a. ay ang
b. ay
c. ay mga
d. ay ang mga

28. Ang lalaki ay_____sa lawa maghapon.
a. lumangoy
b. lumalangoy
c. kalalangoy
d. lalangoy

29. _____mga magagandang bahay at mga sasakyan si Julie.
a. mayroon
b. may
c. meron
d. mayroon din

30. _____si Orlin ng Ingles, Matematika, at Agham na mga asignatura.
a. nagturo
b. nagtuturo
c. magtuturo
d. magturo

31. Mapanuri _____pulis sa panahon ngayon dahil sa mga banta.
a. ang mga
b. ang
c. ay mga
d. ay ang mga

32. Kung _____ bawat isa sa atin ay matututong magsikap at magpahalaga sa ating mga ginagawa, ang ating sarili ay patuloy na uunlad.
a. ang
b. ang mga
c. si
d.sina

33. Kailan lamang ay nakita ko _____ Manong na nakikipag-usap sa ating mga punong-bayan.
a. ang
b. ang mga
c. si
d.sina

34. Kung darating _____ Nicole at Des ay pakisabing nauna na ako.
a. si
b. kina
c. sina
d. sila

35. Alin sa mga sumusunod ang may tamang kasunduan ng paksa at pandiwa?

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

a. Ang mga paborito kong pelikula ay pinanood ko.
b. Ang mga paborito kong pelikula ay pinanood nila.
c. Ang mga paborito kong pelikula pinanood nila.
d. Ang mga paborito kong pelikula pinanood ko.

36. Ano ang tamang pandiwa sa pangungusap: "Ang mga bata _____ sa eskwelahan."
a. nag-aaral
b. nag-aaral sila
c. nag-aral
d. nag-aaral kami

37. Alin sa mga sumusunod ang tamang kasunduan ng paksa at pandiwa?
s. Ang pamilya ay naglalakad sa parke.
b. Ang pamilya naglalakad sa parke.
c. Ang pamilya ay naglakad sa parke.
d. Ang pamilya naglakad sa parke.

38. Ano ang tamang pandiwa sa pangungusap: "Ang mga magulang _____ sa mga anak nila."
a. nagmamahal
b. nagmamahal sila
c. nagmamahal kami
d. nagmamahal sila kami

39. Ano ang tamang pandiwa sa pangungusap: "Kami _____ sa parke mamaya."
a. pupunta
b. pupunta kami
c. pupunta sila
d. pupunta siya

40. Alin sa mga sumusunod ang tamang kasunduan ng paksa at pandiwa?
a. Ang mga estudyante ay magtutulungan.
b. Ang mga estudyante ay nagtutulungan.
c. Ang mga estudyante magtutulungan.
d. Ang mga estudyante nagtutulungan ay.